
# 3P's (PANGUNGUSAP SA PIRASONG PAPEL) SAGOT SA PAGKABIGO UPANG MAGING MALAYA ANG PILING MAG-AARAL SA IKALAWANG BAITANG NG PAARALANG ELEMENTARYA NG ZAPOTE



**GLORIA M. DE TORRES**
GURO III
PAARALANG ELEMENTARYA NG ZAPOTE

## ABSTRAK

Ang Asignaturang Filipino ay napakahalaga sa pagkatuto ng mga mag-aaral. Ito ay pundasyon upang malinang ang kanilang kaalaman. Nakakatulong din ito upang maging malawak ang kanilang kaalaman sa pagbasa at pagsusulat ganon din upang mahasa sa ating wika. Isa sa tungkulin ng isang Pilipino na pag-aralan ang asignaturang Filipino dahil ito ang ating wika na kung saan atin itong sinasalita at ito ang wika ng lahat ng tao sa Pilipinas. Ang paggamit ng wikang Filipino ay mas mapapahalagahan dahil sa pagkakaroon ng sapat na pag-unawa.

Sa pagkakaroon ng COVID-19 pandemic ay nabuo ang Aksyong Pananaliksik na 3P's (Pangungusap sa Pirasong Papel) na kung saan nilalayon ng mananaliksik na mahasa ang pagbasang may pang-unawa sa piling mag-aaral sa Ikalawang Baitang.

Ang 24 na mag-aaral mula sa Ikalawang Baitang mula sa ibat-ibang seksiyon ang mga naging respondents. Sa loob ng tatlong buwan mula ng magpabasa ang mananaliksik gamit lamang ang piraso ng papel sa mga respondents ay nagkaroon na kaagad ng pagbabago sa kanilang pagbabasang may pang-unawa. Ninanais ng mananaliksik na maging matagumpay ang pananaliksik na ito upang maipagpatuloy sa iba pang mga mag-aaral ang interbensiyong isinagawa.

Sa pamamagitan ng sarbey at observation sheet bilang research method sa pagkalap ng impormasyon ukol sa pananaliksik, nalaman na may 9 na Napakahusay, 12 na Mahusay, 2 Hindi gaanong mahusay at 1 Mahina sa pagbasang may pag-unawa. Dahil dito ay nabuo ang pananaliksik na 3P's. Ilan sa mga inobasyon na ginawa ng mananaliksik ay ang pagpapabasa online at pagpunta sa bahay ng mga batang respondents upang sila ay pabasahin.

Susing Salita: 3P's (Pangungusap sa Pirasong Papel)

## PANIMULA

Ang Covid 19 ay hindi hadlang para hindi maipagpatuloy ng mga bata ang kanilang pag-aaral. Gayundin hindi nagpatinag ang mga guro upang maipagpatuloy nila ang kanilang propesyon at dedikasyon sa pagbibigay kaalaman sa mga mag-aaral. Hindi rin nagpabaya ang Kagawaran ng Edukasyon sa kanilang trabaho kung kaya't gumawa sila ng paraan o kontegency plan upang makarating sa bawat isang mag-aaral ang mga aralin o kasanayan upang ang mga mag-aaral ay matuto pa rin kahit na sila ay nasa kani-kanilang mga tahanan. Karapatan ng bawat isang mag-aaral na magkaroon ng sapat at tamang edukasyon.

Ang Paaralang Elementarya ng Zapote ay binubuo ng mga mag-aaral mula sa Kindergarten hanggang Baitang VI. Ginawa ang pananaliksik sa taong panuruan 2021-2022 na may kabuuang 756 na mag-aaral ang nakarehistro dito.

Si Gng. Gloria M. De Torres, guro ng Zapote Elementary School ay nagsagawa ng Aksyon Pananaliksik tungkol sa pagbasang may pang-unawa mula sa piling mag-aaral sa Ikalawang Baitang. Ang mga mag-aaral ay nagmula sa tatlong seksiyon. Sampu(10) mula sa seksiyon Amethyst, walo(8) mula sa seksiyon Diamond at anim(6) sa seksiyon Emerald na may kabuuang dalawampu't apat na mag-aaral.

Layunin ng mananaliksik na mapa-unlad ang kakayahan ng mga mag-aaral sa pagbasang may pag-unawa gamit ang estratehiyang sama-samang pagkatuto.

## PAMAMARAAN

Ang mananaliksik ay gumamit ngb sarbey sheet sa pagsusulit bilang research tools na kaniyang ipina-valideyt. Ang sarbey ay ginamit upang malaman ang sariling saloobin ng mga mag-aaral sa antas ng kanilang kakayahan sa pagbasang may pag-unawa. Ang observation sheet naman ay upang tayain ang antas ng kakayahan ng mga mag-aaral bago at pagkatapos ng interbensiyon. Ang pagsusulit (pre test at post test) upang malaman kung may significant na deferens ang mga mag aaral bago at pagkatapos ng interbensiyon.

Gumamit din ang mananaliksik ng panayam sa mga gurongb sakop ng Ikalawang Baitang upang mabatid ang programang interbensiyon sa pagbasa.

## KINALABASAN

Mula sa anim na buwan na pagbibigay ng interbensiyon ng guro siya ay gumamit ng talatanungan upang mataya ang buong kagamitang pang interbensiyon sa pagbasa. Ginamit ang tseklist na hinalaw mula sap ag-aaral ni Miranda (2003) sa pagtatayang kagamitang interbensiyon sa pagbasa na minodopika batay sap ag-aaral na isinagawa ng mananaliksik.

Sinunod ang Iskalang Likert bilang panukat sa mga katugunan ng mga respondent na may kaukulang tumbas na puntos.

5- Napakahusay –9/38%

4- Mahusay –12/50%

3- Hindi Gaano mahusay – 2 8%

2- Mahina – 1/4%

1-Mahinang mahina –0/0%

## PAGTALAKAY

Mula sa interbensiyon na ginawa ng guro sa 24 na respondents lumabas na nakahihigit ang mga mag-aaral na nasa antas na pampagkatuto o instruksiyonal.

Lumabas din sa pananaliksik na nagkaroon ng pagtaas o pagbaba ang antas ng comprehension ng mga mag-aaral na kung saan ang pinakamataas na antas na pampakatuto o instruksiyonal na lebel ay naitala ay bahagyang bumaba. Samantala kapansin-pansin ang pagbaba ng bilang ng mag-aaral sa pagkabigo na antas.

Ang interbensiyon na ginawa ng mananaliksik ay naging batayan at pormat upang matugunan ang ibat-ibang pagkakaiba-iba ng pag-aaral. Ang proyektong ito ay isang daan upang mapahusay ang kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral.

## PAGKILALA

Kinikilala ng mananaliksik ang sumusunod na personalidad. Si Ronaldo De Torres na kanyang asawa at ang kanyang dalawang anak na sina Ron Gabriel at Ron Matthew. Kay G. Raul Volante na kanyang School Head, G. Erwin Legasto, PSDS ng Disrito anim, G. Edward Manuel, Senior Education Program Specialist-Planning and Research, sa mga magulang at batang respondents sa Ikalawang Baitang at sa kanyang mga kasamahang guro sa Zapote Elementary School.

## SANGGUNIAN

Banton, N (1969) Reading Instruction for Today's Children, worldchat., org.,identities Leen-n87140131, Lipzig. (2001, December 15). Google. Retrieved august 2015.

Yovanoff, P.D (2005). Grade level invariance of a theoretical causal structure predicting reading comprehension with vocabulary and oral reading fluency. Reading Measurement: Issues and Practice, 4-12.

DepEd ORDER No. 18, s. 2017

DepEd Order No. 015, s. 2020

DepEd Order No. 012, S. 2020

DepEd Order No. 055, S. 2021